# Nakita ko ang Panginoon

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Sis. Techie Rodriguez-TLF Elder-Founder
Abril 08, 2023

Ang kuwento ng alab ng damdamin ni Hesus ay ang kuwento ng Kanyang layunin sa buhay. Ang Kanyang pag-ibig ay hindi nagtapos sa Kanyang kamatayan. Sa halip, ang muling pagkabuhay ang nakapagpabago sa kasaysayan ng Kristiyano. Kaya naman, ang Linggo ng Pagkabuhay ay isang pagdiriwang ng muling pagkabuhay ng ating Panginoong Hesukristo, ang ating Tagapagligtas at Hari. Dagdag pa nito, pagkakita ni Maria kay Kristo na muling nabuhay, nagpunta siya sa mga alagad at sinabing "Nakita ko ang Panginoon" (Mt.28). Maaaring sa ngayon hindi natin Siya nakikita ng personal, ngunit nakikita natin Siyang gumagalaw sa ating buhay. Nabubuhay tayo dahil buhay si Hesus. Kaya bunga nito, ang Kanyang muling pagkabuhay ay panibagong pamumuhay: buhay ng kasaganaan, puspos at ganap.

**1. Ano ang nangyari pagkatapos ng Kanyang muling pagkabuhay?**

1.1.Siya ay buhay at Siya'y kasama natin (Lucas 24.6). Buhay tayo kasama ang Panginoon dahil lahat ng ating mga kasalanan ay napatawad na. Hindi na tayo alipin ng kasalanan. Bilang mga bagong tao hindi na tayo dapat bumalik sa dating makasalanang pamumuhay.

1.2. Lahat ng sinabi ng Diyos ay matutupad. Tinutupad Niya ang kanyang mga pangako. Linlangin man tayo ng mundo ngunit ang Diyos ay totoo sa Kanyang mga pangako (Lucas 1:1-25).

1.3. Si Hesus ang naging Hari ng ating buhay. Siya ay muling nabuhay kagaya ng Kanyang sinabi (Mt.28:6; Jn 2:22). Noong tayo ay nabago na, iniwaksi na natin ang mga dati nating gawi. Iwanan na ang lumang kasuotan, maling gawa. Sa halip, magkaroon tayo ng kasuotan ng pagmamahal at kabutihan.

**2. Sino ang mga Saksi ng Muling Pagkabuhay:**

2.1. Si Maria ang unang nakakita kay Hesus. Umiiyak siya sa libingan; at tinanong siya ng dalawang anghel, bakit ka umiiyak? Lumingon siya sa paligid at nakita niya si Hesus ngunit hindi niya agad ito nakilala. Nagtungo siya sa mga alagad at sinabi "Nakita ko ang Panginoon!"

2.2. Nakita Siya ng mga Apostol. Bago ang Kanyang pag-akyat sa langit, sinabi Niya na makatatanggap sila ng kapangyarihan (Mt.28:16-20). Nangamba ang mga alagad at natakot. Noong nakita nila si Hesus, nagkaroon ng pagbabago ang kanilang buhay (Mga Gawa 2).

2.3. Maraming tao ang nakakita sa Kanya (1Cor.15). Naranasan din natin ang Panginoon. Ang tunay na saksi ay ang namumuhay ayon sa Salita ng Diyos. Sumasalamin tayo sa kaluwalhatian ni Hesus (2Cor.3:18).

2.4. Ang pinakamahusay na saksi ay isang taong nakararanas sa Panginoon at niluluwalhati Siya. Binababago tayo ni Hesus. Parang hangin ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu Santo (Jn. 3). Hindi natin nakikita, ngunit nakikita natin ang epekto. Nakikita ng mga tao ang katangian ng Diyos sa ating buhay.

**3. Paano tayo maging saksi sa pamamagitan ng ating mga gawa?**

3.1. Sina Pedro at Juan ay mga saksi. Ginamot nila ang paralitiko at nagbinyag sila ng marami (Mga Gawa3). Ngunit lagi nilang sinasabi na hindi sila ang nagbibigay ng himala kundi si Hesus na kanilang ipinako ang siyang nagsasagawa ng himala.

3.2. Pananagutan natin ang bawat isa. Tayo ay nagmamalasakit sa ating kapwa. Madalas, sinusubok nating magbigay saya sa tao. Kagaya ba natin si Poncio Pilato na tagapasaya ng marami? Ilan sa atin ang naghuhugas kamay? Ginagawa natin iyan kung tayo'y nakikipagkasundo, o di natin mapuna o maitama ang isang tao.

**Konklusyon:** Huwag nating sayangin ang ating oras. Hindi natin alam kung ano ang mangyayari sa atin. Huwag nating hayaang hindi man lang tayo maging saksi sa kabutihan ng Diyos. Magagawa natin ito sa pamamagitan ng pakikipag-ugnay sa iba nang may pagmamahal at pagkalinga.

**Pagninilay:**

1. Nakapagpatotoo ka na ba? Kung hindi pa, bakit?
2.Nag-aalangan ka pa ba at nangangambang magpatotoo para kay Hesus?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**Inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags:#MulingPagkabuhay